

Itayo ang Ontario (Build Ontario)

Pinalabas ng Probinsya ang Ulat ng Ekonomiya nitong Taglagas ng 2021

TORONTO - Pinalabas ngayon ng Minister of Finance na si Peter Bethlenfalvy ang Hinaharap at Repaso sa Pampanuusan ng Ekonomiya sa Ontario nitong 2021 (*2021 Ontario Economic Outlook and Fiscal Review*): *Itayo ang Ontario*. Ang kaayusan ng plano ay kung paano magtatayo ang gobyerno ng pundasyon para sa panunumbalik at pananagumpay ng Ontario sa pamamagitan ng pagpupuno sa mga bagay tulad ng delikadong impra-istraktura, pag-akit sa pagdami ng pangangapital, at pagbabalik ng pamumuno sa pagmamanupaktura ng awto at ibang mga industriya. Pinangangalagaan rin ng plano ang patuloy na paglaban sa COVID-19 na pandemya.

“Habang patuloy nating pinangangalagaan ang mahirap na pinagdaanan sa patuloy na paglaban sa pandemya, ang ating gobyerno ay nakatungo sa ating plano upang itayo nang mas mahusay at mapag-asang kinabukasan para sa ating mga pamilya, manggagawa at pangangalakal sa Ontario,” ang sabi ni Ministro Bethlenfalvy. “Sa pamamagitan ng pagbubukas ng mga delikadong mineral sa Hilaga, gagamitin natin ang ating kakayahan sa paggawa at pagtatayo ng mga delikadong impra-istraktura, ang ating plano ang magpupuwera sa panunumbalik at pananagumpay ng ating ekonomiya sa bawat rehiyon ng ating probinsya.”

Pangangalaga sa ating Kaunlaran: Ang gobyerno ay mayroon planong magtatag ng sistema ng kalusugan at pangmatagalang pag-aalaga (health and long-term care) na nagbibigay ng kahusayan ng pag-aalaga na maging karapat-dapat para sa ating mga minamahal.

Kasama sa pinakamahalaga:

- Upang patibayin ang kabuuang bilang ng mga manggagawa sa kalusugan at pangmatagalang pag-aalaga, ang Ontario ay maglalaan ng \$342 milyon, sa simula ng 2021-22 at magdaragdag ng labis pa sa 5,000 bago at mahuhusay ng mga rehistradong mga narses at rehistradong praktikal na narses pati na rin 8,000 mga manggagawang personal na tumutulong sa mga pasyente (personal support workers). Bilang karagdagan, ang Ontario ay maglalaan ng \$57.6 milyon, sa simula ng 2022-23, upang umupa ng 225 na mga nurse practitioners sa sektora ng pangmatagalang pag-aalaga (long-term care).
- Upang matulungan ang mga pasyenteng na ospital ipagpatuloy ang kanilang paggaling at pagbalik sa mahusay na kalagayan sa bahay, kung saan sila komportable, ang Probinsiya ay maglalaan ng \$548.5 milyon bilang karagdagan sa loob na tatlong taon upang palawakin ang pag-aalaga sa bahay at sa komunidad. Ang pagpopondong ito ay masusuportahan hanggang sa 28,000 pasyenteng nagdaan sa malubhang uri ng operasyon (post-acute surgical patients) at 21,000 pasyenteng may masalimuot na kondisyon ng kalusugan sa bawat taon.
- Upang masuportahan ang kalusugan ng isip at kapakanan ng mga manggagawa sa kalusugan at pangmatagalang pag-aalaga sa paibayo ng probinsya ang gobyerno ay maglalaan ng \$12.4 milyon sa loob ng dalawang taon simula 2021-22 upang patuloy mabigyan ng mabilis na pagpasok sa mga dati na at pinalawak na mga suporta sa kalusugan ng isip at pagkagumon.
- Upang makasiguro sa kaligtasan ng residente sa long-term care ang gobyerno ay magbibigay ng karagdagang \$72.3 milyon sa loob ng tatlong taon upang madagdagan ang kapasidad ng pagpapatupad kabilang ang pagdoble ng bilang ng mga inspektor sa paibayo ng probinsya sa

2022-23. Ang inspektor ng Ontario sa mga bahay na long-term care ay magiging pinakamataas na panumbasan sa Canada.

Pagtatayo ng Ontario (Building Ontario) Ang gobyerno ay mayroong plano sa pagtayo ng kinabukasan ng Ontario sa pagpupuno ng mga bagay tulad ng mga daang panlalawigan (highways), ospital, pagpapabahay at high-speed internet. Sa mga paglalaan ng gugulin, palalawakin ng gobyerno ang kapasidad ng ating pangangalaga sa kulusugan, pagbibigay daan sa mapagkukunan ng mga delikadong mineral sa Hilagang Ontario, at mabawasan ang oras ng mga nagmamaneho ng sasakyan na naipit sa trapik sa daan upang magkaroon sila ng pagkakataon makasama ang kanilang mga kaibigan at pamilya.

Kasama sa pinakamahalaga:

- Upang magtayo, palawakin at ayusin ang mga highway at tulay sa Ontario, maglikha ng mga trabaho at biglaang pag-unlad ng ekonomiya, ang gobyerno ay naglaan ng higit kumulang na \$2.6 bilyon sa pagpopondo para sa 2021-22 bilang pagsuporta ng Programa sa Daang panlalawigan ng Ontario (Ontario Highways Program) na nagtatampok ng higit sa 580 na mga pagtatayo, pagpapalawak at pag-aayos na mga proyekto. Bilang bahagi ng Highways Program, ang gobyerno ay nakapangako sa pagpopondo sa pagtayo at iabante ang Bradford Bypass sa Highway 413.
- Ang pakikipagtulungan sa mga komunidad sa dakong Hilaga at sa Unang Nasyon (Northern and First Nation) upang lumikha ng mga trabaho, buksan ang delikadong mga mineral at magdala ng kaunlaran sa ekonomiya sa Hilaga ng Ontario, ang Probinsya ay nakapangako nang halos \$1 bilyon upang suportahan ang plano at paggagawa ng pang lahat ng panahon na makakasalawad sa sistema ng mga kalye, pati na rin ang mga proyektong mabibigay daan para sa kaunlaran ng mga First Nations sa Dulong Hilaga. Ang Gobyerno ng Canada ay dapat tapatan ang mga pangako ng Ontario sa puspusang proyektong ito.
- Ang Ontario ay tumutugon sa pangangailangan ng pahayag ng mga munisipyo sa pamamagitan ng pagdoble ng taunang paglalaan sa Programa sa Pagpondo ng Impra-istraktura sa Komunidad ng Ontario (Ontario Community Infrastructure Fund program). Ang karagdagan na paglalaan sa maraming taon ng \$1 bilyon ay magbibigay ng kabuuan na paglalaan na halos \$2 bilyon sa darating na limang taon simula 2021-22 upang magbigay ng katiyakan at pagkamaaaring mahulaan sa 424 na maliit, pambukid at mga komunidad sa dakong Hilaga upang sila ay makapagtayo at makapag-ayos ng mga kalye, tulay at tubig, at impra-istraktura para sa maduming tubig.
- Ang pagbigay ng abot kaya, maaasahan na mabilis (high-speed) na internet sa lahat ng rehiyon ng Ontario sa katapusan ng 2025, ang probinsya ay gumawa ng makasaysayang pangako na \$4 bilyon sa loob ng anim na taon.
- Upang harapin ang dekadang pagpapabaya at tulungan ang mga naghihintay makapasok sa long-term care, planong maglaan ng Ontario ng karagdagang \$3.7 bilyon, simula 2024-25 na magtayo ng karadagang neto na 10,000 para sa bagong mga higaan sa long-term care at ang baguhin ang 12,000 na mga nanatiling mga higaan sa karaniwan na modernong disenyo. Ito ay nabibigay ng kabuuan na paglalaan na \$6.4 bilyon mula ng Taglagas ng 2019 - isang makasaysayan ng paglalaan na mauwi sa higit sa neto na 30,000 na mga bagong higaan sa 2028 mga 28,000 na binagong long-term care na mga higaan sa paibayo ng probinsya

- Upang suportahan ang lumalaking hilingin sa sistema ng pangangalaga sa kalusugan, ang Ontario ay maglalaan ng \$30.2 bilyon sa loob ng 10 taon upang magtayo, magpalawak at mapabuti ang mga ospital, isang makasaysayang pangako upang siguruhin na ang mga tao ay makakuha ng pangangalaga na kailangan nila sa kanilang mga komunidad.

Gumagawa para sa mga Manggagawa: Ninanais ng gobyerno na ang mga manggagawa ay nasa paligsahan nang pataas (race to the top), at hindi sa paligsahan nang pababa (race to the bottom). Kaya naman ang gobyerno ay mayroong plano na pasiglahin ang mga manggagawa ng Ontario sa pamamagitan ng pagmungkahi ng pagtaas ng pinakamaliit na suweldo, pagbibigay ng pondo upang ang mga manggagawa ay matuto ng mga bagong kakayahan, at pag-akit sa pamumuhunan sa mga delikadong mineral, pagmanupaktura ng awto at ibang mga industriya upang maglikha ng mga trabahong mainam ang pasuweldo.

Kasama sa pinakamahalaga:

- Upang suportahan ang mga manggagawa, ang gobyerno ay nagmumungkahing itaas nang \$15 sa isang oras bilang panlahat na pinakamaliit na suweldo epektibo simula Enero 1, 2022 at tatanggalin ang espesyal na pinakamaliit na suweldo na ibinabayad sa mga nagsisilbi ng alak at itatas ito sa panlahat na pinakamaliit na suweldo.
- Upang patibayin ang posisyon ng Ontario bilang isa sa Hilagang America ang pinakauna sa pamamahala para panagutan ang pinanggalingan ng mga delikadong mineral, ang Probinsya ay pinahayag ang mga plano upang magbuo ng kaunaunahang Estratehiya sa mga Delikadong Mineral (Critical Minerals Strategy). Ang pagkarami ng mga delikadong mineral sa probinsya ay makakatulong isiguro ang mga pamumuhunan tulad ng bagong teknolohiya ng sasakyan na de-koryente at maglikha ng bagong mga oportunidad para sa mga manggagawa ng Ontario.
- Upang pangalaagan at maglikha ng mga trabaho sa sektor ng awtomotib, ang Probinsya ay mayroon nakasigurong puhunan na nakapangako ng \$5.6 bilyon mula sa mga pangunahing tagamanupaktura ng awto para sa sunod-sunod na kakayahan ng pagtutustos ng de-koryenteng mga sasakyan.
- Upang harapin ang lumalaking kumpetensiyahan para sa puhunan at mga tumututol sa sunod-sunod na pagtutustos, ang Probinsya ay naglilikha ng bagong pang buong probinsya na dalawang taong \$40 milyon Pahusayan sa daloy ng Mataas na Pagmamanupaktura at Inobasyon (Advanced Manufacturing and Innovation Competitiveness stream), na bahagi ng Programa sa Pagpapaunlad ng Rehiyon (Regional Development Program).
- Upang tulungan ang mga manggagawa makakuha ng magandang mga trabaho, ang Ontario ay nalalaan ng karagdagang \$90.3 milyon sa loob ng tatlong taon mula 2021-22 sa Estrahiya ng Kasanayan sa Mga Trabaho (Skilled Trades Strategy). Mahalagang bagong mga inisiyatibo na naglilikha ng perya ng kerera para sa kasanayan sa trabaho pati na rin ang Programa sa Kabataan para sa paglilingkod ng isang aprendis sa Ontario (Ontario Youth Apprenticeship Program) at ang Programa sa Pagsasanay Bago maglingkod bilang isang Apendis (Pre-Apprenticeship Training Program).
- Upang makapagbigay ng maraming oportunidad sa pagsasanay para sa mga manggagawa, ang gobyerno ay magmumungkahing ipagpatuloy ang Ontario Jobs Training Tax Credit hanggang 2022. Ang pagpapatuloy ng 2022 credit ay makapagbibigay sa tantiya na \$275 milyon na suporta sa mga 240,000 na tao o \$1,150 sa karaniwan.
- Upang masuportahan ang mga manggagawa na nangangailangan ng pagsasanay para makakuha ng trabaho ang Probinsya ay maglalaan ng karagdagang \$5 milyon sa 2021-22 at palawakin ang Program sa Pangalawang Karera (Second Career program).

- Upang tulungan ang mga sektor ng turismo at hospitality na makabawi, at himukin ang mga pamilya sa Ontario na galugarin ang probinsya, ang gobyerno ay magmumungkahi ng bagong pansamantalang Ontario Staycation Tax Credit for 2022. Ang credit ay magbibigay sa tantya na \$270 milyon upang suportahan ang higit sa isa at kalahating milyon na mga pamilya na tuklasin pa ang Ontario.
- Upang mapangalagaan ang mga manggagawa mula sa pagsasamantala at sapilitang pagtrabaho (labour trafficking) ang gobyerno ay naglalaan ng \$1.1 milyon sa 2021-22 upang suportahan ang dedikadong pangkat ng mga opisyal na mag-iinspeksyon ng mga pansamantalang ahensya ng tulong at mga tagangalap ng mga dayuhang manggagawa. Ang pagsubok na ito ay makakatulong pangalagaan ang mga manggagawang may pinakamahirang kalooban at hindi pinahahalagaan.

"Ang mga katangian na nakita ng ating probinsya sa pinakamalalang mga araw ng pandemya - ay ang kalooban ng mga tao ng Ontario - makikita rin natin ang mas masigla at mas matagumpay na kinabukasan," ang sabi ni Ministro Bethelvaly. "Ang ating gobyerno ay mapagkakatiwalaan at may masinop na plano na maglilikha ng mga kondisyon sa panunumbalik ng ekonomiya at panuusan sa dulot ng pag-unlad. Ito ay isang plano na pangangalagaan ang kaunlaran na nagawa natin, magtayo para sa kinabukasan at kumilos para sa mga manggagawa na sila ang dahilan upang ito ay mapatupad.

Mga Katotohanan

- *Ang 2021 Ontario Economic Outlook and Fiscal Review: Itayo ang Ontario (Build Ontario)* ay ang pampitong isinapanahon na ulat sa pananalapi mula noong nagsimula ang pandemya, na pinahahalagaan ang pangako ng gobyerno sa pagbibigay ng pirmihang isinapanahon na ulat sa pananalapi ng Ontario, kahit sa panahon nang walang katiyakan ng ekonomiya. Ito ay bahagi ng plano ng gobyerno para sa panunumbalik na dulot ng pag-unlad.
- Ang ekonomiya ng Ontario ay bumabawi mula sa mga epekto ng COVID-19 na pandemya at pananatiliin itong umunlad. Para sa 2021-22 ang gobyerno ay nagpapanukala ng kakulangan na \$21.5 bilyon, \$11.6 bilyon na mas mababa kaysa sa naging palagay nila doon sa na ilathala sa *2021 Budget*. Ang pagbubuting ito ay nagpakita ng mas matibay na pag-unlad ng ekonomiya, pati na rin ang kamakailan na impormasyon tungkol sa pagkaapekto ng COVID-19 sa pananalapi ng probinsya.
- Sa kalagitnaan ng taon, pinapanukala ng gobyerno ang matatag na pagbaba ng kakulangan na \$419.6 bilyon sa 2022-23 at \$12.9 bilyon sa 2023-24 ang pagbubuti ng \$8.1 at \$7.2 bilyon nang alinsunod, ay nauugnay sa palagay na prinisinta sa *2021 Budget*.
- Talamak na ang iugnay ang COVID-19 na pandemya, ang probinsya ay patuloy na pinaninindigan ang kadaliang ibahin ang ikalat ang mga kayamanan kung saan ito mas kinakailangan at suportahan ang higit pa ang pangunguna ng panunumbalik sa tulong ng COVID-19 Time-Limited Funding.

Karagdagang Mapagkukunan ng Impormasyon

- Pangangalaga sa ating Kaunlaran (Protecting Our Progress)
- Pagtatayo ng Ontario (Building Ontario)
- Gumagawa para sa mga Manggagawa (Working for Workers)
- Buod ng Ekonomiya at Panuusan (Economic and Fiscal Overview)
- Basahin ang ulat ng Ministro